## ABSTRAK

**Pangalan ng Paaralan:** Pamantasang De La Salle- Dasmariñas

**Lokasyon:** Dasmariñas Bagong Bayan, Cavite

**Pamagat:** "Batang-bata Ka Pa May Asawa Ka Na"

Isang Pag-aaral Ukol sa "Marital Satisfaction" ng mga Maagang Nag-asawa sa GMA,Cavite

**Mga Mananaliksik:** Dennis Abanto, Suzanne Chrisielle Batu, Elmer Agripa, Sweet Lizette Dayrit

**Pinagkunan ng Pondo:** Magulang **Halaga:** P 10,000.00

**Layunin ng Pag-aaral:**

1. Alamin ang lebel ng marital satisfaction ng mga maagang nag-asawa sa mga sumusunod na aspekto:

   a. Kominikasyon
   b. Emosyonal
   c. Sosyal
   d. Sekswal

2. Alamin kung alin sa mga aspekto ng marital satisfaction ang lumalabas na kalakasan ng mga batang maagang nag-asawa.

3. Alamin kung alin sa mga aspeto ng marital satisfaction ang lumalabas na kahinaan ng mga batang maagang nag-asawa.

AKLATANG EMILIO AGUINALDO ARCHIVES

4. Alamin kung ano ang pangkahalatang lebel ng marital satisfaction ng mga maagang nag-asawa na taga GMA, Cavite.

5. Alamin kung mayroon bang kinalaman ang pag-aasawa sa maagang edad sa lebel ng kanilang marital satisfaction.

**Saklaw:**

Ang pag-aaral na ito ay sumakop lamang sa 30 pares ng mga batang maagang nag-asawa sa General Mariano Alvarez,Cavite na nasa edad na 16 hanggang 21 taong gulang. Lahat sila ay nagsasama ng isa hanggang 10 taon.

**Metodolohiya:**

Isang pakikipagpanayam at pagbibigay ng isang psychological test, Marital Satisfaction Scale, aang paraang ginamit ng mga mananaliksik. Sila ay pumili ng mga kalahok sa pamamagitan ng convenient sampling para sa lahat ng mga kalahok.

**Pangunahing Natuklasan:**

Natuklasan sa pag-aaral na ito na lahat ng mga kalahok ay nagtatamo ng maritalsatisfaction batay sa iba't ibang aspektong nabanggit, ang aspektong komunikasyon, sosyal, emosyonal at sekswal. Nag-iiba-iba ang pagbibigay

importansiya ng mga mag-asawa na siyang nakakaapekto sa lebel ng kanilang marital satisfaction.

Natuklasan din na may epekto ang pagiging bata ng mga mag-asawa sa pagtatamo ng marital satisfaction .

**Konklusyon:**

Gaya ng ibang mag-asawa, ang mga batang mag-asawa ay nagtatamo ng iba't ibang lebel ng marital satisfaction batay sa pagbibigay importansiya nila sa iba't-ibang aspektong ginamit sa pag-aaral. Napatunayan din sa pag-aaral na nagkakaroon ng bahagyang epekto ang pagiging bata ng mag-asawa sa pagtatamo ng marital satisfaction. Dito ipinapakita na di biro ang pag-aasawa kung wala sa tamang edad dahilan sa hirap sa pag-aadyast sa bagong buhay na papasukin ng dalawang indibidwal.

**Rekomendasyon:**

1. Magkaroon ng higit pang malalim na pag-aaral ukol sa konteksto ng marital satisfaction .

2. Bigyang pansin din ang iba pang mahalagang aspekto ng buhay mag-asawa tulad ng aspektong ispiritwal at pinansyal.

3. Paggamit ng iba pang pagsusulit na sikolohikal o iba pang instrumentasyon upang lalong masuportahan ang mga kasagutan ng mga kalahok ukol sa sa lebel ng pangkasiyahang pang- mag-asawa.

4. Magkaroon ng malawakang pag-aaral upang malaman ang mga suliraning karaniwang kinakaharap ng mga maagang nag-asawa at kung paano nila ito kinakaharap.

5. Magsagawa ng pag-aaral na nagkukumpara sa marital satisfaction ng mga maagang nag-asawa (edad 16-21) at ng mga huli nang nag-asawa (edad 30-40) upang magkaroon ng ideya kung may epekto ang edad ng pag-aasawa upang makamit ang satispaksyon sa pagsasama.

AKLATANG EMILIO AGUINALDO - INFORMATION RESOURCE CENTER
De La Salle University-Dasmariñas • Since 1977 • Dasmariñas, Cavite, Philippines